



Mga Napakalaking Sunog sa Los Angeles

1 Yugto: Pag-alis ng Mapanganib na Materyal

Matapos ang mga sunog, mga baha at iba pang malalaking lawak na mga sakuna, ang karaniwang mga kemikal at mga produkto ng sambahayan ay maaaring maging mapanganib. Sa mga pagtugon na pinangungunahan-ng-FEMA, ang EPA ang siyang itinalaga na **magtasa, gawing ligtas, mag-alis, at magtapon** sa mga kemikal na ito ng ligtas. Ang trabahong ito ay nangangailangan ng dalubhasang mga tauhan at kagamitan. Ang lokasyon kung saan ang nakolektang mga materyal ay inuuri at kinakarga para ipadala ay tinatawag na **inihandang lugar**.

Inihandang mga Lugar sa Eaton na Sunog at mga Hakbang para Maprotektahan ang Kalusugan at Kapaligiran

Ang EPA ay may dalawang inihandang mga lugar para sa Eaton na Sunog:

- Ang saklaw na laruan ng golp na nasa Altadena Golf Course (1456 East Mendocino St, Altadena)
- Inihandang Lugar ng Lario Park (15701 West Foothill Blvd, Azusa).

May karagdagang lugar ang ginagamit na ng EPA sa Farnsworth Park. Ang parke ay hindi gagamitin para iproseso ang HMM; ito ay ginagamit bilang karagdagang lugar na pansuporta (paradahan, mga suplay, atbp).


Maraming mga hakbang sa proteksyon ay ipinapatupad na para maprotektahan ang lugar mula sa mga panganib, gaya ng mga pagkalat o mga pagtagas. Ang EPA ay gumagamit ng sinanay na mga propesyunal sa mapanganib na mga materyal para magtasa, gawing ligtas, mag-alis, at magtapon ng mapanganib na mga materyal. Bago gamitin ang inihandang mga lugar, kukuha ng sampol ng lupa ang EPA para malaman kung paano ito bago pa man kami dumating.

Ang inihandang mga lugar ay **lubos na kinokontrol**. Ang mga lugar kung saan namin pinoproseso ang mga materyal ay unang:

- tatlong-beses na nalinyahan ng plastik, at
- gumagamit ng mga hakbang para makontrol ang pagkalat— gaya ng buhol-buhol na mga dayami, mga boom, mga lupang berma, graba at ibang mga bagay---para maiwasan ang anuman na umalis sa lugar na pinagpoproseso.

Bilang karagdagan, ang parehong inihandang mga lugar ay:

- nakabakod, ginawang ligtas at nakailaw, na may 24-oras na seguridad araw-araw;
- limitado sa tauhan ng EPA, mga kontratista ng EPA, at mga kaakibat na mga ahensya lamang; at
- sarado sa publiko.



Larawan ng Altadena Golf Course na Inihandang Lugar Lario

Kasama sa parehong inihandang mga lugar ang mag-uuri at iproseso ang HHM para ipadala sa mga angkop na pagtatapunang mga pasilidad. Kasama sa mga mapanganib na mga materyal ay ang: pintura, pampanipis ng pintura, mga kemikal sa languyan, mga langis, mga pestisidyo, mga panlinis, mga pantunaw at iba pang mga bagay. Ang mga materyal ay dumadating sa at umaalis sa lugar sa mga selyadong sisidlan.



Larawan ng Inihandang Lugar ng Lario

Ang mga materyal ay ihihiwalay kapag nakolekta para malimitahan ang panganib. Ang mga inihiwalay na mga materyal ay ipinapadala sa iba't-ibang pagtatapunang pasilidad. Kinakailangan namin ang dalubhasang sisidlan na mga pamamaraan para maiwasan ang anumang pagkalat ng materyal habang nagbibiyaha.

Lahat ng transportasyon ay plinlano ng EPA para masiguro na ang mapanganib na mga materyal ng sambahayan ay lubos na kontrolado at pinalaki namin ang kaligtasan habang pinapaliit ang panganib sa kapaligiran..

Ang mga manggagawa sa inihandang mga lugar ay sumusunod sa lahat ng naaangkop na mga protokol sa kalusugan at kaligtasan at gumagamit ng personal na nakakaprotektang kagamitan.

Sa palibot ng buong inihandang lugar, kami ay:

- Gagawa ng tuloy-tuloy na perimeter na nagsusubaybay para sa kaligtasan ng manggagawa (24/7), at
- Magwiwisik ng tubig sa kabuuan ng araw para mapigilan ang alikabok.

Kapag nakumpleto na ang 1 Yugto, kukuha kami ulit ng sampol sa inihandang lugar para mapagtibay na ang mga lugar ay iniwanan gaya ng pagkakita namin.

epa.gov/california-wildfires

Para sa mga katanungan tungkol sa 1 Yugto ng pag-alis Mapanganib na mga Materyal ng Sambahayan na trabaho, kontakin ang aming hotline o mag-email sa amin sa:

**1-833-R9-USEPA
(1-833-798-7372)**

EPALAWildfiresInfo@epa.gov

